**Ikaanim na Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay**

Mga Gawa 8:5–8, 14–17; 1 Pedro 3:15–18; Juan 14:15

**Mahalin si Hesus, Tuparin ang Kanyang mga Utos, at Magpatotoo nang may Pag-asa**

## PAMBUNGAD

May isang batang lalaki na minsang nakatayo sa gilid ng isang languyan, nanginginig sa takot na tumalon sa malalim na tubig. Gusto niyang matutong lumangoy, ngunit pinipigilan siya ng takot. Lumuhod sa tabi niya ang kanyang ama at mahinahong nagsabi, "Hahayaan kitang lumangoy, pero hindi kita hahayaang malunod."

Dahan-dahang humakbang ang bata, nararamdaman ang matatag na kamay ng kanyang ama na sumusuporta sa kanya. Sa bawat maliit na hakbang, nadagdagan ang kanyang tapang, hanggang sa tuluyan siyang bumitaw at lumutang sa tubig, ligtas sa piling ng nagmamahal sa kanya.

Mga kapatid, ngayon ay nagtitipon tayo sa presensya ng muling nabuhay na Panginoon na nag-aanyaya sa atin na humakbang nang may pananampalataya. Tulad ng batang nagtiwala sa kanyang ama, tinatawag din tayong magtiwala kay Kristo. Kahit hindi natin Siya malinaw na nakikita, kahit ang buhay ay tila puno ng pangamba at kawalang-katiyakan, ipinapangako Niyang hindi Niya tayo iiwan kailanman. Ibinibigay Niya sa atin ang Kanyang Espiritu, ang ating Tagapagtanggol, upang gabayan tayo, aliwin, at palakasin sa pag-asa, pag-ibig, at katatagan.

Sa ating buhay, may mga sandaling pinipigilan tayo ng takot, pagdududa, o pag-iisa. May mga pagkakataong natutukso tayong maging makasarili, mawalan ng pasensya sa iba, o mawalan ng pag-asa. Ipinapaalala sa atin ng mga pagbasa ngayon na ang pag-ibig ng Diyos ay higit na makapangyarihan kaysa sa ating kahinaan, na ang Espiritu ng muling nabuhay na Kristo ay kasama natin, at kahit na maliliit na hakbang ng pananampalataya, kapag ginagabayan ng pagmamahal, ay nagpapatotoo sa Kanyang Kaharian.

Habang naghahanda tayong ipagdiwang ang Eukaristiya, maglaan tayo ng ilang sandali upang tahimik na pagnilayan ang ating buhay—ang ating mga pasya, mga pakikibaka, at mga pagkukulang. Dalhin natin ang lahat ng ito sa Panginoon, nagtitiwala na ang Kanyang awa ay higit na dakila kaysa sa ating kasalanan, at ang Kanyang Espiritu ay laging handang itaas tayo, gabayan, at gawing mga kasangkapan ng Kanyang pagmamahal.

## HOMILIYA

May isang lalaking minsang nagkuwento sa akin tungkol sa araw na tinuruan siya ng kanyang ama na lumangoy. Walong taong gulang siya noon at nakatayo sa gilid ng isang malalim na languyan, takot na takot.

"Tumalon ka," mahinahong sabi ng kanyang ama habang nakaunat ang mga bisig nito sa tubig. "Nandito lang ako."

"Natatakot po ako na baka bitawan ninyo ako," sagot ng bata.

Ngumiti ang kanyang ama. "Hahayaan kitang lumangoy. Pero hindi kita hahayaang malunod."

Nanatili sa kanyang puso ang mga salitang iyon habang siya'y nabubuhay: *Hahayaan kitang lumangoy. Pero hindi kita hahayaang malunod.*

Mga minamahal na kapatid, ang mga pagbasa natin ngayon ay nagpapahayag ng parehong katotohanan. Sa Ebanghelyo, sinabi ni Hesus sa Kanyang mga alagad: “Hindi ko kayo iiwanang mga ulila.” Alam Niyang malapit na ang Kanyang oras. Papalapit na ang Kanyang krus. Nababalisa, nalilito, at natatakot ang kanyang mga alagad. At sa gitna ng kanilang takot, hindi sila pinangaralan ni Hesus—binigyan Niya sila ng pangako: *Hindi kayo nag-iisa*.

Alam nating lahat ang pakiramdam ng takot na maiwang mag-isa. Isang batang mahigpit na nakakapit sa kanyang ina sa pintuan ng paaralan. Isang taong napalayas  sa kanyang tahanan nang hindi alam kung makakabalik pa siya. Isang biyudang tahimik na nakaupo sa kanyang walang lamang bahay matapos ang libing. Ang buhay ay puno ng mga sandaling kailangan nating bumitaw, at ang bumitaw ay hindi kailanman madali.

Sa Huling Hapunan, nararanasan ng mga alagad ang pagkawala ng pinakamamahal nila. Sa loob ng tatlong taon, si Hesus ang kanilang guro, tagapagtanggol, at kaibigan. Pinagtanggol Niya sila, ginabayan, at sinamahan. At ngayon sinasabi Niyang aalis na Siya. Ngunit nangako Siya: “Hihiling ako sa Ama, at bibigyan Niya kayo ng ibang Tagapagtanggol na mananatili sa inyo magpakailanman.”

Isa pang Tagapagtanggol. Isa pang Katulong. Ang Paraklito. Isang salitang mula sa hukuman: isang taong tumatayo sa tabi mo sa oras ng pagsubok, nagsasalita para sa iyo kapag wala ka nang masabi, at ipinagtatanggol ka kapag pakiramdam mo ay inuusig ka.

Sino ba ang hindi mangangailangan ng ganitong tulong? Ngunit madalas iniisip natin na kaya natin ang lahat nang mag-isa. Tulad ng isang batang pilit nagpapalipad ng saranggola sa araw na walang hangin—takbo nang takbo, hila nang hila, hanggang sa mapagod at mabigo. May isang matandang nakatingin sa kanya at mahinahong nagsabi: “Hindi mo kayang gumawa ng hangin. Ngunit kapag dumating ito, itaas mo ang saranggola—at ito na ang magdadala rito.”

Ang Espiritu Santo ang hanging iyon. Hindi natin kayang piliting magkaroon ng pananampalataya. Hindi natin kayang likhain ang pag-asa sa pansarili lamang nating lakas. Ngunit kapag binubuksan natin ang ating puso, kapag itinataas natin ang marupok na saranggola ng ating buhay patungo sa Diyos, dinadala tayo ng Espiritu.

Ipinapakita ito ng unang pagbasa. Pumunta si Felipe sa Samaria—isang lugar na puno ng magkakahalong paniniwala, pagdududa, at matagal nang alitan, mga hidwaan.

Iniiwasan ng mga Hudyo at mga Samaritano ang isa’t isa. Sa pananaw ng tao, tila hindi iyon mabungang lugar. Ngunit ipinahayag lamang ni Felipe si Kristo. Walang masalimuot na paliwanag. Walang engrandeng plano. Nagsalita siya tungkol kay Hesus—at nakinig ang mga tao. Sila’y pinagaling. Pinalaya. At nagkaroon ng “matinding kagalakan sa lungsod na iyon.”

Isipin ninyo ito: isang matinding kagalakan sa isang lungsod ngunit hati dahil sa alitan. Handa na ang bukirin para sa anihan, gaya ng minsang sinabi ni Hesus. Hindi dahil perpekto na ang lahat, kundi dahil handa na ang mga puso. Hindi nag-iisang kumilos si Felipe. Naroon na ang Espiritu, tulad ng hanging naghihintay lamang na maiangat ang saranggola.

Ngunit paano natin nakikita ang Espiritung iyon? Paano natin nakikita si Kristo ngayong hindi na Siya nakikita ng ating mga mata?

May isang lolo na minsang nagbigay ng kakaibang larawan sa kanyang apo—parang halo-halong kulay lamang. “Wala namang larawan diyan,” sabi ng bata. “Tumingin ka nang mas matagal,” sagot ng lolo. “Tumingin ka nang may tiyaga.” At bigla niya itong nakita: isang pastol at mga tupa na nakatago sa larawan. Hindi nagbago ang larawan. Ang nagbago ay siya.

Sinabi ni Hesus: “Hindi na ako makikita ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo ako.” Nakakakita tayo hindi sa pamamagitan ng ating mga mata, kundi sa pamamagitan ng mga mata ng ating puso. Ang pagmamahal ang nagtuturo sa atin kung paano makakita.

Sinabi rin Niya sa atin: “Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos.” Sa unang tingin, parang isang mahigpit na kautusan ito. Ngunit hindi ito pananalitang nagbabanta. Ito ay wika ng relasyon: “Kung minamahal ninyo ako…” Ang pagmamahal ay hindi lamang damdamin. Nagiging totoo ito sa pamamagitan ng gawa.

May isang babae na tuwing Huwebes ay dumadalaw sa kanyang malungkot at nag-iisang kapitbahay. Walang pumapalakpak. Walang pagkilala. Nang mamatay ang kapitbahay, may natagpuang sulat sa kanyang Bibliya: “Salamat, Panginoon, sa pagpapadala Mo sa akin ng isang anghel bawat linggo.” Naging buhay na Ebanghelyo ang babaeng iyon.

May nagsabi minsan: *Tayo ang tanging Bibliyang nababasa parin ng maraming tao.*

Isinulat ni San Pedro: “Laging maging handa sa pagbibigay ng sagot sa sinumang humihingi ng paliwanag tungkol sa pag-asang nasa inyo.” Pansinin ninyo—hindi niya sinabi na pilitin ang iba. Sinabi niya: maging handa kapag sila’y nagtanong. Ngunit magtatanong kaya sila? Marahil kung may makita silang kakaiba sa atin.

Sa mundong puno ng pagkabalisa, kapaitan, at pagkakahati-hati, paano kaya kung ang mga Kristiyano ay magmukhang tunay na tinubos? Minsang sinabi ni Friedrich Nietzsche na mas madali sana siyang maniwala sa Manunubos ng mga Kristiyano kung mas nakikita niyang tinubos ang kanilang pamumuhay. Matindi ang kanyang sinabi—ngunit marahil may katotohanan din. Ang pag-asa ay hindi nangangahulugang madali ang buhay. Nangangahulugan itong naniniwala tayong hindi tayo mga ulila. Na kahit ang ating pagkabasag at kahinaan ay hindi nasasayang.

Sa bansang Hapon, may isang sining na tinatawag na Kintsugi. Kapag nababasag ang isang mangkok, ito’y inaayos gamit ang ginto. Hindi itinatago ang mga bitak; sa halip, pinagniningning ang mga ito. Mas nagiging maganda ang bagay dahil ito’y minsang nabasag. Si Kristo ay nasugatan at nabasag sa krus. Ngunit muli Siyang binuhay ng Ama. Dahil dito, ang ating mga bitak ay maaaring mapuno ng biyaya. Ang ating mga sugat ay maaaring magniningning.

Ito ang gawain ng Espiritu Santo: panatilihing buhay ang ating ugnayan sa Diyos. Sinabi ni Hesus: “Malalaman ninyo na ako ay nasa Ama, at kayo ay nasa akin, at ako ay nasa inyo.” Kamangha-mangha! Inaanyayahan tayong makibahagi sa mismong buhay ng Diyos. Ang pag-ibig sa pagitan ng Ama at ng Anak ay ibinubuhos sa ating mga puso.

Isinulat ni San Pablo: “Ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo.” Hindi lamang ikinalat—kundi ibinuhos nang sagana.

At binabago nito ang paraan ng ating pamumuhay. Binababago nito kung paano natin tignan ang mundo. Binababago pa nga nito kung paano natin hinaharap ang kamatayan.

May isang nars na minsang nag-alaga sa isang babaeng malapit nang mamatay at gabi-gabing natatakot. Wala siyang mahahabang paliwanag sa teolohiya. Tahimik lamang siyang umuupo sa tabi ng higaan nito at hinahawakan ang kanyang kamay. Isang gabi, bumulong ang pasyente: “Kapag nandito ka, pakiramdam ko hindi ako kinalimutan ng Diyos.” Ang nars na iyon ay naging isang tagapagtanggol—isang nakikitang tanda ng hindi nakikitang Espiritu.

At kaya bumabalik tayo sa kuwento sa isang palanguyan. Totoong binitiwan ng ama ang kanyang anak. Lumangoy ang bata nang mag-isa. Sandali siyang nataranta—hanggang maramdaman niya ang kamay ng kanyang ama na sumusuporta mula sa ilalim. Hindi siya iniwan ng ama. Binigyan lamang siya ng pagkakataong lumago.

Sa isang banda, “bumitaw” rin si Hesus. Hindi na Siya nakikita tulad ng dati. Ngunit hindi Niya tayo iniwan. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, Siya ay nasa ating tabi at nasa ating kalooban. Hinahayaan Niya tayong lumangoy—ngunit hindi Niya tayo hahayaang malunod.

“Hindi ko kayo iiwanang mga ulila.”

Kung tunay natin itong pinaniniwalaan, makapagmamahal tayo nang walang takot. Makapagpapatawad tayo. Makakatayo tayo sa tabi ng isa’t isa. Maitataas natin ang saranggola kapag nagsimulang umihip ang hangin. Maaari tayong maging buhay na mga bintana kung saan sumisikat ang liwanag ni Kristo sa isang karaniwan at kung minsan ay madilim na mundo.

At marahil balang araw, may isang taong titingin sa atin at tahimik na magtatanong:

“Bakit may pag-asa ka pa rin?”

At magagawa nating sumagot nang mahinahon at payak:

“Dahil hindi ako nag-iisa. Dahil Siya ay buhay. Dahil binubuhat ako ng Espiritu Santo.” Amen.

- Translated by William Valdrez, Jr.